# Prologue

"Sunog! Sunog!"

Nagsisigawan at nagtatakbuhan palabas ng laboratory room ang mga junior students Section Ruby ng *St. Michael's High*. Makapal ang usok na nanggagaling sa loob ng Chemistry lab, amoy halu-halong kemikal.

Parang tuod na itinulos sa kinatatayuan si Stacy. Humihingal siya sa magkahalong gulat at takot. Nasusunog ang kanilang lab room! At mayroon siyang kasalanan sa nangyari.

Natauhan lang siya nang marinig ang tunog ng sirena ng fire truck na papalapit. Mabilis na nag-flashback sa kanyang diwa ang nangyari kani-kanila lang…

Chemistry class nila at iniwan sila saglit ng kanilang guro sa lab room kung saan sila kasalukuyang nagpe-perform ng experiment. Natuwa ang ilang estudyante at sinamantala ang pagkakataon upang magkulitan at magharutan.

Hindi siya likas na mahilig makigulo sa mga

classmates kaya itinuon niya lang ang atensyon sa ginagawa. Nang bigla na lang may yumakap sa kanya mula sa likod.

"Uuuy, tsansing!" narinig niyang tudyo ng isang lalaking classmate niya kasabay ng kanyang paglingon.

Si Jacob Catindig pala ang yumakap sa kanya. "Sorry, Stacy!" taas-kamay na sabi nito. "Hindi ko sinasadya!" depensa pa nito. "May tumulak lang sa akin."

"Ang sabihin mo, bastos ka lang talaga!!" angil niya rito.

"Hindi iyon tsansing sabi! At bakit naman kita tsatsansingan? Hitsura mo lang!" ganti naman nito.

Napuno ng kantyawan ang lab room.

Lalo siyang nagngitngit. Dinampot niya ang notebook na may pabalat na *Sailor Moon* at ubod-lakas na ibinato sa binatilyo.

Mabilis na nakailag si Jake at ang tinamaan ng notebook ay ang may sinding denatured alcohol burner. Tumama ang burner sa wall curtain at agad iyong nagliyab.

Agad nagtakbuhan palabas ng laboratoryo ang mga estudyante. May mga nagtangkang gamitin ang fire extinguisher ngunit huli na. Malaki na masyado ang apoy sanhi ng mga kemikal na nakaimbak doon. Unti-unti ring naglalakbay ang apoy patungo sa kabilang building, ang school library.

Kinabukasan ay kasama ni Stacy ang ama sa Principal's Office. Dinatnan nila roon si Jacob Catindig at ang ina nitong si Mrs. Crisanta Catindig, ang City Social Worker ng Rosales. Hindi umangal ang magkabilang panig nang bigyan ng principal ng one week suspension ang dalawang estudyante habang iniimbestigahan ang pangyayari.

Pagbalik ni Stacy sa school matapos ang isang linggo ay muli siyang pinatawag ng principal sa opisina nito.

Kasalanan daw niya ang nangyaring sunog. At kailangan daw siyang i-expel ng paaralan upang hindi pamarisan ang ginawa niya!

Gusto niyang isisi sa prinsipal ang paglalagay ng wall curtain sa lab ngunit nagpigil siya. "What about Jacob Catindig?" naisipan na lang niyang itanong.

"He'll stay."

Napatayo si Stacy. "So, ako lang po ang mae-expel? May kasalanan din si Catindig sa nangyari, ah!" reklamo niya.

"Sit down, Era Stacy Agustin," mariing utos ng principal. "You have no right to question my decision."

Ngunit hindi siya bumalik sa upuan, walang paalam na lumabas siya ng opisina ng ginang.

Naghihintay naman sa lobby si Janelle, ang best friend niya. "O, ano'ng nangyari?" pakikibalita nito.

"Mae-expel ako, Janelle!" Halos umusok ang bumbunan niya sa galit. Hindi siya tanga, alam niya ang dahilan kung bakit siya lang ang mapapatalsik doon; ang pamilya Catindig ang sumagot ng gastusin sa pagpapaayos ng nasira ng sunog.

Nang hindi niya nahanap sa classroom si Jacob Catindig ay sa cafeteria siya tumuloy.

Nang matanaw niya ang hinahanap ay agad niya itong sinugod sa kinaroroonan nitong mesa.

"Catindig!" aniya sa super-lakas na boses sabay hampas sa ibabaw ng mesa. "Nang dahil sa natubigan mong utak, mapapatalsik ako mula sa school na ito. At palibhasa maimpluwensya't mayaman ang pamilya

ninyo kaya untouchables kayo sa na lugar ito. Pero tandaan mo ito, magsaya ka na hangga't kaya mo dahil darating din ang araw na magdurusa ka!" Iyon lang at mabilis siyang lumisan.

# 1

Nahilot ni Jake ang nananakit na batok habang nakatirik sa gitna ng traffic at malakas na buhos ng ulan ang kanyang silver *Buick Enclave*. Nakaka-drain talaga ang mga gawain sa family-owned textile factory na mina-manage niya.

Then he saw her. Nakatayo ito sa harap ng isang dress shop, sumisilong sa patio. Worry was painted on her doll-like face. Siguro nag-aalala dahil papadilim, pero wala pa ring tigil ang buhos ng ulan. Wala sigurong masakyan. O, hindi pa dumarating ang kung sinumang hinihintay.

Nang maitapat niya ang kotse sa kinatatayuan nito ay ibinaba niya ang salamin ng bintana.

"Hi! Going somewhere?" malakas niyang tanong dito. Mas maganda pala ito sa malapitan!

Ayaw yatang sumagot ng babae. Ni hindi ito sumulyap sa kanya. He then noticed the two traveling bags; nakalapag ang mga iyon sa tabi nito. *Bibiyahe siguro*, he thought. *Or kagagaling lang sa biyahe.*

"Saan ka ba papunta, Miss? I can give you a ride," pagmamagandang-loob niya.

Umiling ito. "N-no, thanks."

"Ah, Miss, hindi ako masamang tao." Ipinarada niya ang kotse malapit sa sidewalk.

Mas lalo pa yatang nadagdagan ang worry sa mukha ng babae.

*Great. Can't anybody trust strangers anymore?*

Bumaba si Jake ng kotse at nilapitan ito. "Miss, I just wanna help. Hindi ako masamang tao."

Hindi ito umimik. Pero pagkakakita sa kanya sa malapitan ay tila naibsan ang pangamba sa mukha nito. Hah! Naguwapuhan siguro sa kanya! Nagbunyi siya sa loob-loob.

*Time to launch my secret weapon!* He smiled at her. Ngiting todo-bigay at pagkatamis-tamis.

"A-ahm, papunta sana ako sa *Diane's* to meet my cousin. Pero malakas na ang ulan nang ihinto ako ng bus dito. Wala naman akong maparang tricycle."

Sinabi na nga ba at wala pa ring kupas ang kamandag ng kanyang ngiti. Marami talagang babae ang napapalambot niyon!

"C'mon, I'll take you there!"

"O-okay lang?"

"Yeah, sure."

"Sige. Thank you…."

"Jake." Inilahad niya ang kamay.

"Thank you, Jake." Ang lambot ng palad nito!

"And you are?"

"Kimberly. Call me 'Kim' for short."

"STACY!"

Lumingon siya sa tumawag ng kanyang pangalan. "Kim!" bulalas niya. Agad siyang lumapit dito. "Napaaga yata ang dating mo?"

"Mabilis iyong bus na sinakyan ko, eh."

Pinapasok niya ito sa loob ng *Eclipse*, ang pinakamalaking branch ng nangungunang electronics and gadgets store sa rehiyon kung saan siya ang branch manager. Nasa loob iyon ng isang mall, ang *Diane's*.

Nang sumapit ang alas siete ng gabi ay nagsara na ang shop. Bago umuwi sa tinutuluyan niyang apartment ay dumaan muna silang magpinsan sa Max's.

Taga-Nueva Ecija si Kim, maternal cousin niya. Nagdesisyon itong maghanap ng trabaho sa siyudad ng Rosales nang hindi ito ma-employ nang permanente sa mga pinasukang trabaho sa probinsya nito.

"Tamang-tama ang dating mo," aniya rito habang nilalantakan nila ang isang buong fried chicken. "Nangangailangan ng costumer assistant sa appliance center ng *Diane's*. I'm sure na sa charm at wit mo, hindi malayong matanggap ka. Tapos ka naman ng Commerce. Malay natin, ma-permanent ka't ma-promote."

"Sana nga. Pero Stacy, talagang okay lang sa 'yong maki-share muna ako ng tirahan?"

"Siyempre naman, 'no? Nakakabato na rin ang mag-isa doon, baka akala mo!"

"Ay, 'asan na pala iyong boyfriend mo?" pagbabago ni Kim sa usapan.

"Ipapakilala ko na lang siya sa 'yo sa ibang araw. May emergency meeting kasi sila ngayon." Ang nobyo niya, si Omar, ang operations manager ng *Diane's*.

"Wala pa ba kayong plano to settle down?"

Napatigil si Stacy sa pagnguya. Two years na silang magnobyo ni Omar, pero wala pa rin siyang natatanggap na marriage proposal mula rito. "Hindi pa namin napag-uusapan ang tungkol diyan, eh," aniya na lang.

"Ilang taon na siya?"

"He's turning thirty this year."

"At twenty-seven ka naman." Napatangu-tango si Kim. "Kunsabagay sa panahon ngayon, marami nang mas pini-prefer magpakasal sa edad na mid-thirties."

"Yeah, we don't have to hurry."

Hmm. Sinabi niya lang iyon. Sa totoo lang, gusto na rin niyang lumagay sa tahimik. Galing kasi siya sa isang masayang pamilya at pangarap niyang magkaroon din niyon balang-araw. Lihim nga siyang naiinggit sa kaibigang si Janelle. Three years na itong kasal at pagka-cute-cute ng baby girl nito.

"Siyanga pala, Stacy, sana okay lang sa 'yo. May pinagbigyan kasi ako ng address ng apartment mo."

"Okay lang. Sino naman?"

"Si Jake. Siya iyong sinasabi ko sa 'yong guy na naghatid sa akin sa *Diane's* kanina."

Bilib na siya sa alindog ng pinsan. “Naks, Kim! May nasilo ka na agad dito, ha? Guwapo ba?”

“Oh, yes, he’s very handsome. He’s got a very gorgeous smile. At matangkad, athletic ang katawan…” tila pinipigil ang kilig na saad ni Kim.

“Tila hindi lang pala trabaho ang mahahanap mo dito, Kim!” tukso pa niya.

“’MORNING, Mom!” Humalik si Jake sa pisngi ng ina.

“Mukhang maganda yata ang gising mo, ah!” nakangiting puna nito sa kanya pagkaupo niya sa harapan nito sa dining table.

“I met a beautiful girl under the rain and… wow! Mom, I’m going to ask her out on a date.” He had Kim’s phone number and address. Too bad hindi sila nagkausap nang matagal nang nakaraang araw. He just dropped her at the mall’s entrance. Bigla kasing tumawag sa kanya ang ama.

Nangingiting napailing ang ina. “Pang-ilan na ’yan sa mahabang listahan ng mga naging girlfriends mo?”

Ewan ni Jake. He did not keep track of his past

relationships. Naglagay siya ng fried rice sa kanyang pinggan. “Well, ang nasisiguro ko lang ho ngayon ay matindi talaga ang tama ko sa girl na ito.”

“Extreme attraction,” sambit ng ginang. “Gaya sa mga exes mo. Hay, anak, kailan ka kaya iibig nang tunay? Matanda na kami ng daddy mo, gusto naman naming makita kang lumagay sa tahimik bago kami lumisan sa mundong ito.”

He shrugged his shoulders. “Well, that’s why I’m gonna date her, Mom, malay n’yo, she would be the one.” Mayamaya ay may naalala siya. “Where’s Dad?”

“Maagang pumasok. Tambak raw ang pipirmahan sa munisipyo.”

Ang kanyang ama na si Pedro Catindig ay ang kasalukuyang mayor ng Rosales City. Aktibo naman ang kanyang ina sa mga social activities sa kanilang lugar. She was a former city social worker. Retirado na, pero madalas pa rin itong wala sa bahay dahil tumutulong ito sa mga naaaping kababaihan at abala sa pagtatatag ng livelihood projects para sa mga ginang ng tahanan sa kanilang siyudad. Siya na tuloy ang solong namamahala sa kanilang textile factory. Ang Kuya Daniel naman niya ang nag-aasikaso sa malawak nilang farm. They both finished Business

Administration.

"So when am I gonna meet her?" pakli ng ina.

Ngumiti siya. "Pag girlfriend ko na ho siya," he answered with full assurance.

"ANAK SIYA ng younger sister ng mama ko, si Tita Sophia," lahad ni Stacy sa boyfriend nang mag-ungkat ito tungkol kay Kimberly. Kasalo nila itong nag-lunch kanina sa food court ng *Diane's*. At naririto muli silang magnobyo, magkasamang nag-i-snack.

"Nakapag-asawa ang tita ko ng taga-Nueva Ecija at doon na siya nanirahan eversince," kuwento pa niya. "Lagi kami noong magkasama ni Kim tuwing summer vacation. Kung minsan, ako ang pumupunta sa kanila. Pero mas madalas siyang magbakasyon dito sa amin. Nang graduate na kami pareho ng college, halos hindi na kami magkita. Three years ago pa nang huli kaming magkita." She sighed. "Alam mo na…"

"Work," dugtong ni Omar na sinabayan pa ng kibit-balikat.

"Right," sang-ayon ni Stacy. Naisip niya, marami na ring nagbago sa buhay niya mula

noong nagkatrabaho siya. Nang nakatapos siya ay nagkatrabaho siya agad sa *Eclipse*. Almost seven years. Ganoon na pala siya katagal na naghahanap-buhay.

"You told me she's twenty-six. But she looks younger."

"Petite kasi."

"Kaya nga medyo nagtataka ako nang ipakilala mo siyang pinsan mo. Malaki ka kasi."

Hindi niya napigilan ang pag-angat ng isang sulok ng labi. Hmph! Malaki daw siya. Feeling niya tuloy, dambuhala siya. Omar should have used the word 'matangkad' instead. She stood five feet, seven and a half inches, while Kim was barely 5'2".

"Saan tayo mamaya?" tanong ng boyfriend niya. Hindi yata nito nahalatang na-offend siya sa sinabi nito kanina. Well, hindi naman nito sinadyang i-offend siya, di ba?

"Tinatamad akong lumabas, eh," an Stacy. Pagod siya sa trabaho, she wanted to sleep early. Tumatanda na nga yata siya. Parang napakadali nang ma-drain ang energy niya. Lately, pagkauwi niya ng bahay ay agad niyang ibinabagsak ang katawan sa kama. Pakiramdam niya kasi ay hapung-hapo siya

mula sa maghapong trabaho.

"Gusto mo, manood na lang tayo ng movie sa pad mo?" suggestion ni Omar.

"Okay."

"NAKS naman!" tudyo ni Stacy sa pinsan. "Talagang masugid ang suitor mong 'yan, ha? At big time magbigay ng bulaklak. Galing sa mamahaling flower shop! Mayaman siguro, ano?"

"Hindi pa siya masyadong nagkukuwento tungkol sa family niya. Pero nase-sense kong may sinasabi ang angkan nila. At nasa public service yata ang father niya."

"So ano na'ng score niya?" Isang kibit-balikat ang naging tugon ni Kim. Napakunot-noo si Stacy. "You don't like him?"

"I do. P-pero…"

"Pero ano?"

"Wala pang spark, eh!"

"Spark?"

Pinatay ni Kimberly ang stove nang masigurong

luto na ang chicken afritada. Umupo ito sa harap niya sa hapag-kainan. “Kahit hindi ko pa siya nakikilala nang lubusan, alam kong napakainteresanteng tao ni Jake. Mabait siya at sweet. At napaka-smart din. He would be a very good boyfriend. Or a husband, even.”

Lalong kumunot ang noo niya. “Pero wala pang spark?”

“Ewan ko ba, Stacy. Pero parang wala pa akong masilip na posibilidad na iibig ako sa kanya sa kabila ng magagandang katangian niya.”

“Kunsabagay, agree ako sa ’yo diyan,” second the motion niya. “Hindi naman kasi sa magagandang ugali tayo nai-in love sa mga guys, although malaking pogi points din kung nagtataglay sila ng good qualities, di ba?”

“Oo naman.” Nagsalumbaba si Kim sa ibabaw ng mesa at tumingin sa labas ng bintana. “Saka di ba, minsan nga, nagugulat na lang tayo at nai-in love tayo sa pinaka-least expected person? Lalo pa’t sa maling pagkakataon.”

“Na-in love ka na ba sa wrong guy?” naisipan niyang itanong.

“H-ha?” Parang nahintakutan yata ang pinsan.

Pagkuwan ay tumayo ito. “Kumain na nga lang tayo.” Nagsimula na itong magsandok ng kanin mula sa rice cooker.

“O, di mo na sinagot ang ang tanong ko,” ungot niya. “Have you ever been in love with the wrong guy at the right time? Or let me rephrase that… Have you ever been in love with the right guy at the wrong time?”

Mahina itong sumagot. “H-hindi pa naman. At sana hindi mangyari iyon. Ayoko kasing makasakit ng damdamin ng ibang tao.”

Naglabas si Stacy ng pitsel ng malamig na tubig mula sa ref. “All is fair in love and war. Ganyan daw talaga ang buhay. Minsan hindi natin maiwasang makasakit ng iba or worse, masaktan natin mismo ang sarili natin.”

NAKAPAGPALIT na ng pyjamas si Stacy isang gabi nang marinig niyang may kumakatok sa pinto ng apartment. Naghihikab na binuksan niya ang pinto.

“Hi, good evening!”

Napatingala siya sa mukha ng bisita. Lalaki.

Matangkad. At guwapo. Titig na titig sa mukha niya ang malalalim nitong matang sing-itim ng gabi. Ito na yata ang masugid na manliligaw ni Kim.

"Good evening din—" Natigilan siya. Parang kilala niya ang kaharap. The prominent mole on his right temple seemed very, very familiar…

"Catindig?"

Parang bigla itong natauhan mula sa pagkakatitig sa kanya. "Y-yes, I'm Jake Catindig." Ngumiti ito—a very gorgeous and charming smile.

"Jacob Catindig?"

"Well, yes!" Kumurap-kurap ang lalaki, sinisipat ang buong kabuuan ni Stacy, parang kinikilala siya. "Ahm, have we met? Parang pamilyar ka kasi."

"Classmates tayo noon sa high school. Sa *St. Michael's*," mabilis ngunit matabang niyang saad.

"Ah." Tumango ito pero parang hindi pa siya nito totally na namumukhaan. Nang biglang nalihis ang tingin nito ay lalo pang pinatamis ang ngiti. "Hi, Kim!"

"Jake!" bulalas ng kanyang pinsan. Ni hindi niya namalayang sumulpot ito mula sa kanyang likuran.

Si Kim ang nagpatuloy sa lalaki. “Siyanga pala, Stacy,” pukaw ng pinsan sa kanya. “Siya si Jake, iyong ikinukuwento ko sa iyo na—”

“Kilala ko siya,” putol niya sa dialogue ng babae. Tumingin siya sa bisita nito. “Kim, siya iyong dahilan kung bakit ako na-expel noon sa *St. Michael’s*.”

# 2

Naiiling at nangingiti sa sarili si Jake habang nagmamaneho ng kotse pauwi. Akalain ba niyang pinsan pala ng babaeng nililiyag si Era Stacy Agustin?

At mukhang malaki pa rin ang galit nito sa kanya hanggang ngayon. Siya pa rin ang sinisisi nito kung bakit ito na-expel mula sa *St. Michael's High*.

Ngunit hindi naman niya kagustuhang masunog noon ang kanilang laboratory. Aksidente ang lahat! He also found it unfair nang mabalitaang mai-expel noon ang babae dahil sa nangyari. Pero ano ang magagawa niya? Desisyon iyon ng pamunuan ng paaralan. Nailahad nilang maigi sa mga opisyal ang buong pangyayari kung bakit nagkasunog.

And that was too long ago. Ni hindi na nga niya nakilala ang dating classmate kanina. Ang natatandaan niyang Era Stacy Agustin ay isang estudyanteng patpatin, may long hair, makapal ang bangs at may braces sa ngipin.

Malaki ang naging pagbabago sa hitsura nito ngayon. Hindi na patpatin. Mahaba pa rin ang buhok nito, pero wala nang bangs. Wala na rin ang braces

nito sa ngipin. At gumanda. Napakaganda, actually.

Damn, she was so beautiful! She had that innocent and naïve look on her, but hell, she still turned him on. Kahit pa medyo gulo-gulo ang buhok nito at nakapantulog na ay pagkaganda-ganda pa rin nito sa paningin niya. And he could notice her curves kahit naka-pyjamas ito.

Kaso hitsura lang yata nito ang nagbago sa pag-usad ng panahon; mataray pa rin ang babae. Well, actually ay hindi ganoon ang unang pagkakakilala niya kay Stacy noon. Hindi rin ito magulo hindi gaya ng karaniwang high school student. Kaya nagulat talaga siya nang tarayan siya nito sa loob ng laboratory at batuhin ng notebook, na ang nakasinding alcohol burner ang tinamaan. He never thought na mapipikon ito sa biro niya. Well, he was a typical high school student—makulit, magulo, palaasar minsan. At lalo siyang na-gulpi de gulat nang ipahiya siya nito sa harapan ng mga kaibigan niya nang lumabas na ang desisyon ng paaralan.

Nasa cafeteria sila noon nang sinugod siya nito sa nanggagalaiting boses.

Akalain niya ba, isinumpa siya nito!

And that was the last time ever na nakita niya si

Era Stacy Agustin.

"KIM, hindi mo lang alam kung paano ako pinagtripan ng mga classmates ko noon sa nilipatan kong public school!" talak ni Stacy sa pinsan. Isinantabi niya muna ang balak na maagang pagtulog sa gabing iyon. Kailangang malaman ng pinsan ang mga sinapit niya noon nang dahil kay Jacob Catindig. Kung bakit ba kasi hindi siya gaanong nag-usisa sa pinsan tungkol sa suitor nito. Sana ay naihanda niya ang sarili nang maaga bago sila nagkita ng lalaki. Shocked pa rin siya hanggang ngayon sa pagkukrus ng landas nila ng lalaking iyon.

"Alam mo bang 'arsonista' ang bansag nila sa akin noon? Halos wala akong naging kaibigan. Wala ring bilib ang mga teachers sa kakayahan ko."

Tandang-tanda ni Stacy, sa mga extra-curricular activities siya noon nangulelat nang todo. Paano, hindi siya ang pinipili ng mga teachers para isali sa mga school contests. Kapag may group projects naman sa klase, halos wala siyang mahagilap na kasama. In other words, parang nakaranas siya ng discrimination. Well, sa private school nga naman siya galing at consistent honor student pa roon. Natural na medyo nagkaroon ng insecurities sa kanya ang ilan

sa mga bagong kaklase sa nilipatang paaralan. Pero ang lalong nagpatindi sa diskriminasyong sinapit niya sa *Rosales National High School* ay ang naging masamang record niya sa *St. Michael's*. Imagine nga naman, na-kick out siya dahil 'nanunog' siya ng school laboratory.

"Stacy, tapos na iyon. Nalampasan mo naman lahat ng mga nangyari, di ba?" sagot ni Kim, pinapagaan ang kanyang loob.

Tama ang pinsan. Never siyang nagpaapi noon sa nilipatang public school. Nakikipagtarayan din siya kung kinakailangan. Pero…

"May balak ka bang sagutin siya?" kastigo niya sa dalaga.

"Si Jake?"

Umingos si Stacy. "Sino pa ba?" Matagal na napinid ang bibig ni Kim. "May pag-asa ba siya sa 'yo?" naiinip niyang tanong. Aba, kung mamalasin, magiging member pa yata ng kanilang angkan ang Catindig na iyon! "Kim, answer my question. Inaantok na ako!" nakangusong ungot niya.

"Well, I like him a lot. Attracted din ako sa kanya," paunang sagot nito.

"And…?"

"Pero, Stacy, parang hindi ko siya gustong maging boyfriend, eh. Wala talagang spark."

Itinaas niya ang dalawang kamay. "Praise God!" masayang bulalas niya. Kulang na lang mag-cartwheel siya sa matinding kagalakan. Bumaba siya mula sa kama ng pinsan. "Sige, good night!" inaantok ngunit masayang paalam niya rito.

TINAWAG ng isang sales clerk si Stacy mula sa office space niya sa *Eclipse*. May naghahanap daw sa kanyang isang lalaki.

Sino kaya iyon? Imposible namang si Omar dahil kilala ng mga tauhan niya ang nobyo. Ayon pa sa sales clerk, pogi raw at matangkad ang bisita. At may dalang mga bulaklak! Naiintriga tuloy siya.

Lumabas siya ng office—only to her dismay!

"Catindig?" She tried to lower down her voice. "Ano'ng…?" Saglit siyang napatingin sa hawak nitong mga bulaklak. "What brought you here?" pormal niyang tanong sa nakangiting lalaki.

"Para sa 'yo," sabi nito, thrusting her a bouquet of white roses.

Atubiling tinanggap niya ang mga iyon. “Ano bang pa-effect ito?” matigas niyang sita. “May bibilhin ka ba?” Ang totoo ay medyo nakakatunog na siyang may hidden agenda ito. May isang buwan na itong nanliligaw sa pinsan niya at parang hindi pa malinaw kung sasagutin ba ito ni Kim.

“Wala naman.” He widened his smile, tila binudburan pa ng ekstrang asukal para lalong tumamis. “Gusto lang kitang bigyan ng bulaklak.”

“Bakit?”

“Well, I guess beautiful white roses are meant for beautiful girls like you.”

Sarcastic siyang napatawa. “Come on, man! Don’t you even try pulling my leg, hindi gagana ’yan sa akin.”

Nanatili itong nakangiti sa kanya.

“Ano’ng kailangan mo sa akin?” diretsang tanong ni Stacy.

Bumigay ang lalaki. “All right!” Nagbuga ito ng hangin. “Gusto ko lang mapalapit sa iyo.”

“Sa akin o sa pinsan ko?” Tama nga siya sa kanyang hinuha. Gustong ‘magpalakas’ sa kanya ang loko para mapalapit nang husto sa kanyang pinsan

na ewan kung bakit hindi pa rin mabasted-basted ang lalaking ito! Gusto na niya tuloy magduda. Baka naman ang totoo ay na-develop na rin si Kim sa lokong ito? Baka nagkaroon na rin sa wakas ng sinasabi nitong 'spark'. At siya lang ang dahilan kung bakit hindi pa ito pormal na masagut-sagot ng pinsan. Alam kasi ni Kim na abot hanggang langit ang poot niya kay Jacob Catindig!

"Can we please go somewhere else?" pakiusap ng lalaki. Umiiwas sigurong mag-away sila sa loob ng *Eclipse*.

Niyaya siya nito sa *Shakey's* ngunit matigas siyang tumanggi. Sa parking lot tuloy sila ng *Diane's* napunta.

"Get to the point, Catindig. Busy ako. Hindi ako maaaring magtagal dito sa labas."

"Look, Stacy, puwede bang tawagin mo na lang akong 'Jake'? At puwede rin bang kalimutan na lang natin ang nangyari noon?"

"Easy for you to say!" angil niya.

"Mga bata pa naman tayo noon. For Christ's sake, antagal-tagal na n'un! Hanggang ngayon pa ba'y galit ka pa rin sa akin?"

“Palibhasa kasi, hindi ikaw ang naagrabyado!”

“It wasn’t my fault na na-expel ka sa *St. Michael’s*. Desisyon iyon ng paaralan. At walang kinalaman doon ang pamilya ko.”

“Kay Kim ka nanliligaw, di ba?” pag-iwas niya sa topic.

“Oo.” Naka-plaster sa mukha nito ang mga katagang, ‘Obvious ba?’

“Puwes, siya ang bigyan mo ng mga bulaklak at yayaing kumain sa labas. At kung iniisip mong sinusulsulan ko siya para huwag kang sagutin, you’re wrong. Hindi ko pinapakialaman ang mga desisyon ng pinsan ko. At lalong wala akong pakialam sa inyong dalawa, okay?”

Ngumiti ang kaharap. “You are amusing,” mahinang saad nito, titig na titig sa kanyang mukha. Tinaasan niya ito ng isang kilay. “Heto ka’t parang tigreng galit pero…” medyo namaos ang tinig nito, “ang ganda-ganda mo pa rin.”

Nag-iwas siya ng mga mata. Napapaso yata si Stacy sa mga titig ng lalaki. “I… I think wala na tayong pag-uusapan pa.” Tinalikuran niya ito. “Good luck sa paninigalang-pugad mo sa pinsan ko.” At walang lingon-likod niya itong nilayasan.

Labag man sa loob ni Stacy, wala talaga siyang karapatang sulsulan si Kim na bastedin ang lalaking naging dahilan kung bakit naging worst chapter ng kanyang buhay ang huling isa't kalahating taon niya sa high school. Bahala na ang pinsan kung may balak man itong sagutin ang loko. At kung mamalasin at magkakatuluyan ang mga ito, best wishes na lang kay Kimberly!

Natapik niya ang sariling noo. Nanganganib pala talagang sumanib sa kanilang angkan ang lokong iyon.

Ah, what the heck? Dededmahin niya na lang ito nang dededmahin!

ITINAKDA na nga yata ng tadhana na maging kapamilya nila si Jacob Catindig. Heto at kasama niya ito, together with Omar and Kim in a foursome date.

Hindi niya mahindian ang boyfriend nang hilingin nitong mag-date sila kasama sina Kim at ang masugid nitong manliligaw.

"'Nood tayo ng movie pagkatapos nating mag-dinner," suggestion ni Omar sa kanilang tatlo habang kumakain sila sa isang seafood restaurant.

"Sure," sagot ni Kim.

Napahikab siya. Sa dami ng kanyang nakain, gusto na niyang umuwi pagkatapos ng lamunang iyon. Gusto na niyang ibagsak ang katawan sa malambot niyang kama.

Tatlo ang pinagpilian nilang pelikula. Boto sina Omar at Kim sa pelikula ni Jennifer Aniston, isang romantic comedy. Sa gulat niya ay pareho sila ng gusto ni Jake, ang action film ni Will Smith.

But of course, pinagbigyan ng binata ang kagustuhan ni Kim. Tumuloy sila sa sinehan sa loob ng *Diane's*.

SA LOOB ng sinehan ay gustung-gusto nang maidlip ni Stacy ngunit nagpipigil siya. Ubos na niya ang kanyang popcorn at paubos na rin ang *Coke* niya. Nangangalahati na ang pelikula ngunit wala pa rin siyang maintindihan sa takbo ng istorya niyon. Siguro ay dahil inaantok siya kaya hindi na maka-connect sa big screen ang kanyang utak.

Ewan niya, pero nararamdaman niyang hindi lamang siya ang nabo-bore sa kaganapan ng palabas. Kanina pa niya kasi nakikita sa periphery ng kanyang paningin si Jake na parang hindi mapakali

sa kinauupuan. Madalas itong gumalaw, magkamot ng batok na sinusundan ng matutunog na “Tsk”. Tingin pa ito nang tingin sa wristwatch at laging tsini-check ang cellphone.

She thought, nabo-bore nga kaya ang lokong ito sa palabas o naiinis sa presensya nila ni Omar dahil hindi nito masolo si Kim? Ang pagkakaalam niya kasi, ngayon lang sumama rito ang nililigawan sa loob ng sinehan. Malas nito dahil naroon sila ni Omar!

Mayamaya ay nagpaalam siy Stacy sa nobyo upang bumili ng pagkain. Kailangan niyang ibaling sa pagkain ang atensyon kung hindi ay makakatulog talaga siya!

Hindi pa siya nakakapili ng bibilhing pagkain sa isang kiosk nang biglang lumitaw mula sa kanyang likuran ang lalaking kinaiinisan.

“Ampangit ng palabas!” palatak nito, nakakunot ang ilong. Dinedma niya ito. “Pero nakapagtatakang marami pa ring nanonood, ha? And they seem to be enjoying it!” dagdag nito.

Umorder siya ng potato chips at isang chocolate shake. Tingin niya ay wala nang paglalagyan ang mga iyon sa sikmura niya. Busog na busog na kasi siya.

Pero ano ang magagawa niya? Wala na siyang ibang maisip na paraan upang supilin ang pagkabagot hangga't hindi natatapos ang movie. Alangan namang maglaro siya ng Sudoku sa cellphone?

Bumili naman ng chewing gum si Jake.

Una niyang tinikman ang chocolate shake nang makapagbayad sa counter.

Nang may maramdaman siya—actually, kanina pa niya iyon nararamdaman, ipinagwawalang-bahala lang niya.

She wanted to throw up. Now!

"Hey, you all right?" puna ni Jake.

"Y-ye—" Biglang naitikom niya ang bibig. Hala! Gusto na talagang lumabas ng lahat-lahat ng laman ng bodega niya!

NAKAKAHIYA! Si Jacob Catindig pa ang umakay sa kanya patungong restroom ng movie house! Hindi lang iyon. Bago pa sila umabot doon ay nasukahan na niya ang kanyang suot na shirt at pati na ang rubbershoes ng lalaki!

*Gosh! Wa poise!*

Medyo nagtagal siya sa loob ng rest room, takot na kapag lumabas siya ay muli siyang susuka.

Nang gumaan ang pakiramdam niya ay nag-text siya kay Omar na maghihintay na lamang siya sa labas ng sinehan. Sinabi niya rito ang nangyari.

Nilinis niya ang damit gamit ang panyong binasa sa faucet. Nang wala nang tao sa loob ng restroom ay itinapat niya ang dibdib sa electric hand dryer at sinikap patuyuhin ang damit. Ngunit ayaw maalis ng amoy niyon.

Damn it!

Lumabas na siya ng restroom. Sa pagtataka niya ay naabutan niyang naghihintay sa kanya si Jake.

"Okay ka na?" tanong nito sa concerned na boses.

Tumango lang siya. Nahihiya talaga siya. Pasimpleng tumingin siya sa sapatos nito. Mukhang nilinis na iyon.

"Normal lang 'yan," pagkuwan ay anito.

*Nakup! Pinagdududahan pa yata siyang naglilihi! Excuse me! Virgin pa ako, 'no!* gusto niya tuloy isigaw sa pagmumukha nito.

"Actually, nangyari na rin 'yan sa akin." Nanlalaki ang mga matang napatingin siya sa mukha ng lalaki. "Ang maimpatso!" natatawang dugtong nito. But it was quite obvious na wala itong balak na kantyawan siya. "That's just human nature, sweetheart, that's not something to be ashamed of."

Magkagayunpaman, inismiran niya ito at iniwan.

Binalikan ni Stacy ang iniwang potato chips at chocolate shake sa counter ng kiosk. Pagpihit niya ay nakita niya muli si Jake.

"O, ba't di ka pa bumalik sa loob?" sita niya rito.

"Dito na rin lang ako sa labas." Sumunod ito sa kanya palabas sa premises ng sinehan.

Umupo siya sa isang bench sa silong ng isang artificial palm tree sa loob ng mall. Tumabi naman sa kanya ang binata at nagpipindot sa cellphone.

"Hahanapin ka ni Kim," paalala niya. Natakot na tuloy siyang kumain pa kaya inilapag niya na lang sa tabi ang potato chips at ang chocolate shake.

"Alam na niya'ng nangyari. Nag-text ako sa kanya while you were inside the restroom. Nag-reply siyang bantayan na muna kita." Ibinulsa na nito ang

telepono. "There. Nag-text akong hihintayin na lang natin sila dito."

"Hindi mo naman ako kailangang samahan pa dito. I'll be fine."

Kumulimlim yata ang pagmumukha ni Jake. "You don't really like me, do you?" pagkuwan ay tanong nito.

"Honestly, yes." Mabuti nang magkaalaman na!

"Bakit naman?"

"Alam mo kung bakit, Jacob."

He sighed. "Okay, I'm sorry na-expel ka noon sa *St. Michael's*—"

"I don't need your fake apology," putol niya rito.

"Why would I fake it? Stacy, please," pagsusumamo naman nito. Damang-dama niya naman ang sincerity sa boses nito. "Look, I was young and stupid, okay?"

"Fine." Humalukipkip siya. "Apology accepted," matapat na sabi ng dalaga. Well, matagal nang nangyari iyon. Forgive and forget, wika nga. Ayaw na niyang magtanim pa ng sama ng loob. Hindi raw healthy iyon.

Nagliwanag ang mukha ng binata. Nagka-fireworks yata sa mga mata nito. “Thank you!” masayang-masayang pahayag nito. Kulang na lang ay yakapin siya nito sa tuwa.

“O, huwag kang masyadong komportable diyan. Hindi pa rin tayo close!” nakaismid na sabi niya rito.

Dumikit ito ng upo sa kanya. “Magiging close din tayo. I can feel it,” puno ng confidence na saad nito.

Pinatirik niya ang mga mata. “Masyado kang assuming!” Dinampot niya ang chocolate shake at potato chips sa tabi niya saka umusod ng upo palayo.

Ngunit umusod uli ito palapit.

Inirapan niya ito. Nanatili namang nakangiti ang lalaki sa kanya. May balak yatang maging commercial model ng *Colgate* ang loko. Todo-bigay talaga kung ngumiti. Hindi ba sumasakit ang panga nito?

Umusod uli siya sa upuan. Sumunod ito. “Bakit ka ba lumalayo sa akin? I won’t bite!” biro nito.

Umusod siyang muli. Umabot na siya sa dulo ng bench.

“Dead end,” kantyaw ni Jake.

Pinigil niyang matawa. Para silang bata sa ginagawa nila.

“Itawa mo iyan. Sige ka, pag pinigil mo pa… alam mo’ng kalalabasan niyan. Masamang hangin.” Pabirong nagtakip ito ng ilong.

Noon na siya bumunghalit ng tawa. Nakitawa rin sa kanya si Jake.

# 3

Basted. Binasted na ni Kim si Jake.

After all his efforts para masungkit ang matamis na oo ng dalaga, heto pa rin ang kinalabasan. Ang tagal  niyang nanligaw rito!

May mahal na raw na iba ang dalaga. But she admitted she liked him though. Kaya nga raw nito pinatagal ang panliligaw niya, ngunit nabigo raw itong mapaibig ang sarili sa kanya.

May mahal na itong iba?

She refused to tell him who was the lucky man. Parang takot pa nga yata ito. Aba, hindi niya naman iyon bubugbugin, ah! Hindi yata siya bayolenteng tao. 'Make love not war' na ang motto niya since elementary pa siya!

Pero hindi pa siya sumusuko sa laban.

At may edge pa naman siya. Kikilalanin niya kung sino ang lalaking minamahal ni Kim para magkaalaman kung ano ang mayroon ito na wala siya. Kung anuman ang mayroon sa kumag na iyon, hihigitan niya upang mapasakanya ang babae!

"WHAT'S WRONG, Omar?" puna ni Stacy sa boyfriend isang gabing dumalaw ito sa kanya.

"Nothing," matamlay na sagot ng nobyo. Napuna niya kasing parang wala itong ganang kumain. "Busog lang ako. Medyo mabigat kasi sa tiyan iyong kinain kong pasta sa merienda kanina."

Pero duda siya roon. Ilang araw na niyang napapansing parang lumilipad sa ibang lupalop ang utak ng nobyo sa tuwing nagsosolo silang dalawa. Nabawasan na rin ang mga paglalambing nito sa kanya. Nagsawa na kaya ito dahil kahit na ano ang gawin nito ay ayaw niyang 'bumigay'?

They have done kissing, necking and petting. Pero hanggang doon lang ang hinahayaan niyang mangyari sa pagitan nila ni Omar. It was not because she did not love him. She was even looking forward to spending the rest of her life with him. Ngunit ayaw niyang ilagay sa level na sekswal ang relasyon nila hangga't hindi pa sila nakakasal.

"Omar…"

Ngumiti ito ngunit matamlay iyon. "I'm okay, Stacy." Napakislot ito nang tumunog ang message alert tone ng cellphone. Parang nagmamadali itong basahin ang mensahe.

"Sino ba 'yan?" nakangiting sita niya rito. "Kanina pa 'yan, ah." Lately ay napapansin niyang nahihilig sa pagti-text si Omar. Dati naman ay halos hindi nito ginagalaw ang cellphone kapag magkasama sila. Bibihira rin itong makatanggap ng text messages.

"K-kaibigan ko, taga-Baguio. Nangangamusta. Matagal-tagal na rin kasi kaming hindi nagkikita," sagot nito. "Nagyayaya nga sa kanila. Magbakasyon kaya tayo doon?"

"That would be great. Pero hindi na muna sa ngayon, Omar. Kailangan ako sa store, eh. Magdadagdag kasi kami ng products."

Tumango lang ang katipan.

"Pero kung sa tingin mo'y kailangan mo ng bakasyon, you go ahead. Take a break. Makakabuti iyon sa 'yo."

"Actually, I was really planning on filing for a vacation leave early next month. Pero gusto ko sanang kasama ka."

Malungkot siyang tumingin dito. "I really can't, Omar. Next time na lang, promise." Nanghihinayang din siyang hindi makasama sa pagbabakasyon ang nobyo. Pero come to think of it, magkakaroon naman

sila ng time for each other kapag mag-asawa na sila. Masosolo na nila ang isa't isa. Kaso, hindi pa nga pala nagpo-propose sa kanya si Omar. Pero saan pa ba papunta ang relasyon nilang ito?

"I have to go," paalam ng lalaki matapos ibulsa ang cellphone. "Nag-text si Mommy, may ipinapabili. Baka masarhan ako ng grocery." Tumayo na ito.

"Sige." Hinintay niya ang goodnight kiss ng nobyo ngunit nabigo siya.

Bagaman tinatamad ay hinugasan na niya ang mga pinagkainan. Nakakahiya kung si Kim pa ang gagawa niyon. Tiyak na madaling araw na ang uwi ng pinsan galing sa pagliliwaliw sa labas.

"CATINDIG?" bulalas ni Stacy isang gabing mapagbuksan ng pintuan ang dating classmate sa high school.

"Good evening, Stacy. And please just call me Jake, sweetheart." Malapad itong ngumiti, his patented feeling-toothpaste-commercial-model smile.

Two times na siyang tinatawag na 'sweetheart' ng lokong ito, ah!

Mabilis nitong pinaglakbay ang paningin sa kabuuan niya. "You're looking great tonight!" he commented, looking genuinely awed.

Na-conscious tuloy si Stacy sa hitsura. Kahihilamos niya lang matapos magpalit ng big daddy's shirt na pantulog.

Napansin niya ang dala-dala ng bisitang isang malaking bucket ng KFC.

"Wala si Kim," sabi niya. "Lumabas kasama ang mga kaibigan—"

"I know," putol nito. "Ikaw ang sadya ko ngayon."

Muli siyang napatingin sa katakam-takam na dala-dala nito. Diyata't para sa kanya iyon?

Aba, gusto na naman yata siya nitong maimpatso, ah!

"Tuloy ka." Itinuro niya kay Jake ang sofa. "Have a seat."

"Thank you." Iniabot nito ang *KFC* bucket sa kanya. "For you."

"S-salamat." Tumikhim si Stacy. "Would you like something to drink?"

"No, thanks." Umupo na ito.

Inilapag niya ang bucket sa center table. "Ano ba'ng sadya mo?" Umupo siya sa armchair ng one-seater sa gawing kanan ng lalaki.

"Ahm, huwag mo sanang mamasamain but I just want to ask some personal things about your cousin."

Sinabi na nga ba at tungkol na naman ito kay Kimberly. At ano na naman ba ang raket ng lokong ito? Sinabi sa kanya ng pinsan ay basted na ito, ah!

Noon niya narinig na nagri-ring ang kanyang cellphone sa kuwarto. Nag-excuse siya saglit sa bisita.

Si Janelle ang nasa kabilang linya. Matagal na rin palang hindi sila nagkikita ng best friend niya, to think na sa karatig-bayan lang ng Rosales ito nakatira.

"Jan, puwedeng mamaya na lang tayo mag-usap? May bisita kasi ako," pakiusap niya rito.

"Si Omar ba?"

"No." She sighed. "It's Jake."

"Jake? Sinong Jake 'yan?"

"Jacob Catindig."

“Oh, my gosh! Are you serious? Ano’ng ginagawa niya diyan sa apartment mo?”

“Mahabang kuwento!” aniya sabay ikot ng mga mata.

“Nanliligaw ba?”

“Hindi ’no!” tili niya.

Humagikgik ang nasa kabilang linya. “Okay, tawagan mo na lang ako pagkaalis niya. Ingat lang, baka masunog ’yang apartment complex!”

Binalikan na niya sa salas ang bisita.

“Was your cousin dating someone else aside from me?” ungkat sa kanya ni Jake pagkaupo niya sa harapan nito.

Nagsalubong ang mga kilay ni Stacy. “No.”

“Sigurado ka?”

“Ikaw lang ang alam kong naka-date ng pinsan ko while she’s here, okay?”

“Ngayon, wala ba?”

“Wala siyang sinasabi sa akin.”

“So, you’re not aware that she’s in love with somebody else?”

Lalong nagdikit ang mga kilay niya. “Iyan ba ang sinabi niya sa ’yong dahilan kaya ka niya binasted?” Wala siyang matandaang may nabanggit si Kim na in love ito with another guy. Gumawa lang kaya ng alibi ang pinsan niya upang maidispatsa nang maayos ang lokong ito?

“Wala naman siguro siyang rason upang magsinungaling sa akin, right?”

“Honestly, wala talaga akong alam tungkol diyan.” Nagmumukha tuloy siyang natutulog sa pansitan. “Pero pasasaan din ba’t magsasabi rin sa akin si Kim. Tumitiyempo lang siguro siya para ipakilala sa akin ang napakasuwerteng lalaking iyon.”

She could swear she saw his face grow dim!

Na-offend yata sa last sentence na binitiwan niya. But honest to goodness, wala siyang intensyong kantiyawan o ipahiya ito.

Tumayo na ito. “I’m leaving.”

“Hayaan mo, sasabihin ko sa ’yo pag nakilala ko na siya.”

Inihatid niya ito hanggang sa porch.

“Good night,” paalam niya rito.

"'Night!"

Nag-about-face ito. "Parang natutupad na yata ang sumpa mo sa akin noon, Stacy. Nagdurusa na ako ngayon."

Hindi niya inaasahan ang sinabi nitong iyon. At bago pa siya nakaisip ng sasabihin ay nakaalis na si Jake.

*Lokong 'yun ah!* Siya pa yata ang sinisisi sa mapait nitong kapalaran sa pag-ibig.

NAGRI-RING ang cellphone ni Kim na naabutan ni Stacy sa kuwarto nito nang kukunin sana niya roon ang hiniram na laptop ng pinsan. Kasalukuyan naman itong naliligo sa banyo.

Dinampot niya ang cp. 'Honey' ang naka-register na caller ID. Ito kaya iyong sinabi ni Jake na lalaking mahal ni Kim? Bakit kaya hindi nito nabanggit sa kanya ang tungkol doon? Nadidyahe naman siyang magtanong dito. Nitong nakakaraang araw kasi ay nararamdaman niyang parang naglalagay na ang babae ng pader sa pagitan nilang dalawa. Hindi na sila gaanong nagkakakuwentuhan nang matagal. Kahapon nga ay nagsabi ito sa kanya na may balak na itong humiwalay ng tirahan.

"May tawag ka," aniya sa pinsan pagkapasok nito sa kuwarto.

Nagtaka pa si Stacy nang parang maligalig nitong kinuha ang cellphone mula sa kanya.

Ilang araw na rin niyang napapansing kakatwa ang mga ipinagkikikilos ng pinsan. Para bang may inililihim sa kanya.

"Stacy," anito nang kumakain na sila ng almusal. "Uuwi ako ng Nueva Ecija next week."

"May problema ba sa inyo?" naisip niyang itanong.

"W-wala naman. Nami-miss ko lang sina Mama."

Kunsabagay, ngayon lang ito nahiwalay nang matagal sa pamilya nito. "Ilang araw ka d'un?"

"Mga ten days siguro."

"Mahaba-habang break din iyan, ah."

"Nakiusap ako sa management."

"Hay, buti ka pa!" may bahid-inggit na sagot niya. "Ako nga, gusto ko rin sanang magbakasyon kasama ni Omar sa Baguio pero iniisip ko kasi ang trabahong maiiwanan ko. Ako rin kasi ang kawawa pag natambakan ako ng sangkaterbang paperworks."

WALA PA RING mapiga si Jake kahit sa mga katrabaho ni Kim tungkol sa sinabi nitong lalaking minamahal.

Ayaw niyang isiping nagsinungaling ito sa kanya. Besides, damang-dama niya ang katotohanan nang sabihin nito ang tungkol doon.

But who was that lucky bastard? Posible kayang taga-Nueva Ecija din iyon?

Kung kinakailangang dumayo siya sa hometown ng dalaga ay gagawin niya magkaharap lang sila ng lalaking iyon. But for the meantime, kailangan niya munang umakyat ng Baguio City para sa isang business convention.

# 4

"Ano na naman ba ito?" may bahid-inis na sita ni Stacy kay Jake. Though she could not deny na naku-curious din siya sa kung anumang sasabihin sa kanya ng loko. Importanteng-importante raw.

Kinulit siya nito nang kinulit hanggang sa bumigay siyang mag-halfday sa trabaho. Dito pa siya dinala nito sa resthouse ng mga Catindig. Nasa gitna ng malawak na farm ang resthouse. Maganda ang lugar, tahimik at sariwa ang hangin.

Inakay siya ng binata sa dining room. May nakahanda nang mga pagkain doon. Humila ito ng isang silya at pinapaupo siya. Tumalima naman siya.

Maraming masasarap na pagkain sa mesa ngunit hindi siya interesado sa mga iyon.

"Ano ba kasi'ng sasabihin mo?" ungkat uli niya.

"Kumain na muna tayo." Ipinaglagay pa siya nito ng kanin sa plato.

"Jake, I don't have time for—"

"Just eat, will you? Sa sasabihin ko mamaya, tiyak na mawawalan ka na ng ganang kumain."

Sa narinig ay mas lalo lang siyang nangati na malaman kung ano ang sasabihin nito. “Mas hindi ako gaganahan kung may bumabagabag sa akin sa gitna ng pagkain. Sabihin mo na kasi kung ano iyon. I hate surprises!”

Tumuwid ng upo si Jake. “All right.”

Something told her to brace herself, dahil hindi maganda ang kanyang malalaman.

“Your boyfriend is having an affair with your cousin.”

Natural na ikinagulat ni Stacy ang narinig. But at the back of her mind, gusto rin niyang matawa. “At saan mo naman nasagap ang tsismis na ’yan, ha?”

“I saw them together in Baguio yesterday.”

“Nasa Nueva Ecija ang pinsan ko,” diin niya. Dahil imposibleng—Christ! Never in her wildest dream na naisip niyang lolokohin siya ni Omar, or—oh, please!–ng kanyang pinsan!

Not Kim. Not good old Kimberly.

“Well, tumawag ka kaya ngayon sa tita mo sa Nueva Ecija,” tila paghahamon ni Jake.

Hindi pa rin niya gustong maniwala.

"I saw them together, Stacy. Bumibili sila sa isang souvenir shop sa *Mines View*. Nasundan ko rin sila hanggang sa tinutuluyan nilang hotel."

Biglang nanghina ang pakiramdam ni Stacy. "I-it can't be…" anas niya. Napahilamos siya sa mukha.

Matagal na namayani ang katahimikan bago nagsalita si Jake. "Kung hindi ka pa rin naniniwala, I can take you to Baguio kahit ngayon mismo. Hulihin mo sila sa hotel na tinutuluyan nila."

Kahit paano, rumehistro sa namamanhid na niyang utak ang sinabi nito. Tumingin siya rito. Napailing nang sunud-sunod. "Hindi…"

Ang laki niyang tanga! Ni hindi man lang niya namalayan na inaahas na pala ng kanyang pinsan ang boyfriend niya. So that explained it! Ang kakatwang inaakto ni Kim nitong mga nagdaang araw. Pati na rin ang pananamlay ni Omar sa tuwing kasama siya nito.

Gusto niyang sumigaw, magmura. But her wholeness went numb.

"Hindi ka man lang ba nakahalata sa kanila kahit kaunti, Stacy?"

"Stop it, Jacob."

"Ibang klase rin pala iyang boyfriend mo. That loser! That two-timing a*shole!"

"I said stop it!" Sa wakas ay pumatak ang kanyang mga luha. "Y-you're… you're breaking my heart…" aniya sa basag na tinig.

"Stacy…" Awang-awa siyang tiningnan ni Jake. "I… I'm sorry, sweetheart," malumanay nitong sabi, lumipat ng upo sa silyang katabi niya. Idinantay nito ang palad sa kanyang balikat. "Hindi ko naman gustong saktan ka. I just want to—" Tumayo siya't tinalikuran ito. "Teka, saan ka pupunta?"

"Sa impiyerno, gusto mong sumama?" asik niya.

Tumayo rin ang binata. Pinigil siya nito sa braso. "Look, I know you're upset. Pero maaari bang maghunos-dili ka?"

"Bitiwan mo ako!"

"Ano'ng iniisip mong gawin?"

"Wala kang pakialam!" Tinangka niyang kumawala sa pagkakahawak nito ngunit mahigpit iyon.

"Just calm down, please…"

"Calm down?" nanggagalaiting sigaw niya.

"Pagkatapos ng lahat ng nalaman ko, ini-expect mo pa akong kumalma? Bullsh*t, Jacob!" Mabuti na lang pala at doon siya dinala ng lalaki. She could not imagine na magsisisigaw siya nang ganito sa isang restaurant o sa apartment niya. Tiyak na iskandalo ng kalalabasan!

"So what are you planning to do? Kill them?" Mataas na rin ang boses ni Jake.

Ubod-lakas niya itong binatukan. "Ngayon naman ay gusto mo pa akong gawing kriminal?"

"O-ouch! Ansakit n'un, ah!" nakangiwing sabi nito, ngunit hindi pa rin siya binibitawan. "Umupo nga muna tayo!"

"Gusto ko nang umuwi." Mababa na ang boses ni Stacy.

"Kumain ka muna."

"Hindi ako gutom." Paano pa siya makakakain sa lagay na 'to?

"Please, sweetheart…"

"Uuwi na ako. Hindi mo na ako kailangang ihatid. Now, will you please let go of my arm? You're hurting me!"

Binitiwan naman siya nito. “Sorry.”

Pilit siyang ihinatid ni Jake sa tinutuluyan. Wala silang imikan sa loob ng SUV nito.

“Okay ka lang ba, Stacy?” worried na untag ng binata bago siya bumaba ng kotse. “I can stay here with you if you want.”

Ngumiti siya nang mapait. “Don’t bother yourself, Jacob. Besides, pareho lang tayong talunan sa pangyayaring ito. Thank you sa ride.”

SHE TRIED to stay sanguine. Hindi siya dapat magwala.

Okay, may affair nga si Kim at Omar, pero hindi siya uupo at iiyak na lang sa isang tabi. Kailangan niyang kumilos. Hindi niya hahayaang masayang na lang ang two years nilang relasyon ng nobyo sa pagpasok ng pinsan sa eksena.

Mahal siya ni Omar. Dama niya pa rin iyon. Naliligaw lang ang puso nito.

“Kumusta’ng biyahe?” kaswal niyang tanong sa pinsan pagdating nito.

“Nakakapagod, pero okay lang!” nakangiting

sagot ni Kim.

"Wala bang peanut brittle akong pasalubong?" Obvious ang pagkapatda nito. "Hindi ka ba bumili ng walis-tambo?"

"S-Stacy…" Napakagat-labi ito.

"Gaano na katagal ang pang-iipot n'yo sa ulo ko, Kimberly?" matiim niyang tanong. Walang sagot mula rito; sa sahig nakatingin ang babae. "Answer me, damn it!" bulyaw niya.

"T-two months."

Patlang. Humugot si Stacy ng isang napakalalim na buntong-hininga bago nagsalita. "Hindi kita susumbatan, Kim. Pero gusto ko lang malaman mo, babawiin ko kung ano ang sa akin."

Tahimik na lumuha si Kim. Iniwanan na niya ito sa sala.

PAPASOK ANG KOTSE ni Jake sa kalye kung saan naroon ang tirahan nina Stacy at Kim nang mamataan niyang naglalakad sa sidewalk ang dating classmate noong high school.

Huminto siya sa tapat nito. "Hey, saan ang lakad

mo?"

Bihis na bihis ang babae. Naka-skinny jeans, baby tee at strappy sandals. She looked like a teenager. Cute and wholesome.

"Diyan lang," matipid na turan nito, itinuro ang intersection kung saan dumaraan ang mga pampasaherong sasakyan.

"Gigimik ka?" ungkat pa niya.

"Kung si Kim ang pakay mo, 'andoon na siya sa bahay. Kadarating lang. Don't worry, hindi ko pa naman siya pinapatay!"

Napangiti si Jake. Parang lalo pang gumaganda si Era Stacy Agustin kapag nagtataray!

"Sige," paalam nito saka humakbang.

"Sandali!" pigil niya.

Huminto naman ito. "Bakit ba?"

"Saan ka ba talaga pupunta? Ihahatid na kita!"

Ewan niya, pero bigla na lang nagbago ang isip niyang puntahan si Kim ngayong gabi.

SA ISANG BAR sila humantong ni Jake.

"Umiinom ka pala," puna ng binata kay Stacy nang ilapag ng waiter sa kanilang mesa ang order niyang tequila.

"Very seldom lang."

"Wala sa hitsura mo."

Tumingin siya nang derecho sa mukha ng lalaki. "Bakit, ano ba'ng hitsura ko?"

"Well, you look meek, naïve, behaved…" tugon nitong titig na titig sa mukha niya.

"Ang sabihin mo, I look plain and boring."

"You're not!" protesta nito. "You look angelic and virginal, actually," pagkuwan ay nangingiting saad nito.

Umismid siya. "Quit pulling my leg, Jacob. It's not making me feel better!"

Nakaisang bote na ng beer ang lalaki nang magtanong ito, "Ano'ng balak mo?"

Ayaw niyang sagutin iyon. Pero may namumuo na talagang plano sa isip niya. "Ikaw, ano'ng balak mo sa pinsan ko?" sa halip ay balik-tanong niya sa kausap.

"I still wanna court her."

"Good."

Hindi na muling nagsalita ang lalaki. Pinanood niya na lang ito sa pag-inom. Nang makadalawang bote ng beer si Jake ay hindi na ito umorder pa.

She just drank very moderately. Ayaw niyang mahilo dahil ayaw pa niyang umuwi.

NAGYAYANG MANOOD ng last full show sa sinehan si Jake.

Wala nang ibang palabas noon kundi isang Hollywood romantic movie, isang Tagalog-dubbed Korean horror film at isang pelikula ni Angel Locsin. They both decided to help the local movie industry. Pero pareho pala silang wala sa mood maging attentive sa pinapanood.

"Jake," untag ni Stacy.

Ipinaling niya rito ang mukha. "Yes?"

"What's with her that makes her click?"

"Si Kim?"

"No, Angel Locsin," sarcastic na sagot ni Stacy. "Of course I meant Kimberly, silly!"

“Uh, well…” Nag-isip siya ng ibang sasabihin aside from the word ‘beautiful’ that was quite obvious.

“O, ano? Ba’t wala kang masabi diyan?”

Ano nga ba? Well, ayaw niya naman ng taste nito pagdating sa movies. Hindi rin siya masyadong nasarapan nang magluto ito ng kare-kare. Actually, mas nagustuhan niya ang pinakbet ni Stacy nang minsang maghapunan siya sa tinutuluyan ng dalawa. Pero kumain pa rin siya siyempre ng sandamakmak na kare-kare para pandagdag puntos sa kanyang panliligaw. Kim talked nothing but about Lindsay Lohan and Paris Hilton, which was supposed to really bore him big time if not for her beautiful talking voice.

“Jacob Catindig! Hindi mo na ako sinagot!” pukaw ni Stacy. “Ano ba ’ika ko ang meron kay Kim at patay na patay ka sa kanya? Alam kong iyon din ang nakita sa kanya ng boyfriend ko.”

“Well, uhm… masaya ako pag kasama siya.”

“So, bottomline is, mas masaya sa kanya si Omar kaysa sa akin?”

“Ah, iyan ang hindi ko masasagot.”

May sasabihin pa sana si Jake nang lumingon sa kanila ang isang mamang nakaupo sa kanilang harapan. “Puwede ba, sa labas kayo magtsismisan!” inis nitong asik. “Nakakaistorbo na kayo, ah!”

Yamot na nagyaya nang lumabas si Stacy.

PAGKAHATID sa kanya ni Jake pauwi ay nadatnan nila ang kotse ni Omar sa tapat ng apartment. At siyempre pa, tumanggi nang pumasok pa sa loob ng bahay ang kasama niya.

“Jake, salamat, ha?” aniya rito. “I had a great time.”

At totoo iyon sa loob niya.

“I’m glad you did,” masayang turan naman nito.

“Sige, ingat sa daan!” huling sinabi niya bago bumaba ng kotse nito.

Inihatid pa niya ng tingin ang papalayong sasakyan nito. Pagpihit niya, nakita niyang nakatayo si Omar sa porch ng apartment.

“H-hi,” alanganin nitong bati paglapit niya.

“Si Kim?” kaswal niyang tanong.

"Tulog na."

"Stacy…" Napasuklay ang mga daliri nito sa buhok. "H-hindi ko sinasadya ang nangyari."

"Ano ba ang nangyari, Omar? May nagawa ba akong mali sa iyo at—"

"Wala, Stacy," maagap nitong putol sa sasabihin niya.

"Omar…" She paused for a moment. "Mahal mo ba ang pinsan ko, or a-are you just flirting with her?" How she wished na sana ay ang huli ang pipiliin ng lalaki, pero hindi iyon ang narinig niya.

"I… I fell in love with her." Pinigil niyang maging emosyonal. "Pero mahal pa rin kita, Stacy. I know it's insane but it's true." Bumangon ang pag-asa sa kanyang dibdib. "I can't lose you both," he revealed.

"Hindi maaari ang ganyan, Omar. K-kailangang mamili ka."

"I… I can't. For now. Kailangan ko ng panahon para makapag-isip."

*Then do it!* gusto sana niyang isigaw rito. Ngunit ayaw niya itong awayin. "Okay," pagpayag na lang niya.

"And for the meantime, mas makakabuti siguro kung didistansya na muna ako sa inyo ni Kim."

"Gawin mo ang sa tingin mo ay tama, Omar."